# MAKINILYANG ALTAR: ANG DALUMAT NG PANUNUPIL AT PAGTURING SA WALANG HANGGANG LUNGGATI*

ni Pauline Mari F. Hernando

## ANG TOLDANG NAGLALAKBAY

Maraming beses ko nang sinubukang kilalanin ang gurong natatakpan ng madilim na belo at matinik na bakod. Nadapa man ako sa patuloy na paglapit at pagsilip sa daigdig niyang hitik sa misteryo, ay hindi ko alam kung anong humihigop sa akin upang huwag tigilan ang paglapit. Marahil, sadyang malakas ang anyaya ng mga alabok na nasasagupa ko sa kaniyang mga taludtod. Nakabubusog ang hanging tuwid sa pagdulog ng gabi tuwing babasahin ko ang mga imahen. At nakapagdudulot ng ngiti ang pagbabahagi niya ng mga bungang-tulog sa bawat naratibo.

Masyado akong magugulatin. Isang katangiang palaging ipinadaranas ng mga akda ni Luna Sicat-Cleto. Siya at ang kaniyang mga obra ang patuloy na nagpapaalalang wala kang dapat ikapangamba sa bago. Ang mangahas na landasin ang di nakasanayan ang siyang higit na magdudulot ng gitla at giya. Bahagi ng dating nito ang pagpapaimbulog sa di-kumbensiyonal na pagturing at pagtugon sa mga batayang aspekto ng buhay, pakikibaka, at paglalakbay ng kaniyang mga persona.

Wala akong kabatiran sa personal na paglalakbay at pakikibaka sa buhay ng aking guro. Nakadaupang-palad ko man siya sa mga klase sa panitikan ay mulat ang aking intensiyon sa pagkakaroon ng bakod sa awtobiyograpiko na panunuri upang makaambag sa panibagong pagbasa at pag-unawa sa likhang ito. Bagaman inihain sa bawat pahina, talata, at pangungusap ang mga naging testimonya sa naging paglalakbay ng pamilya Sicat, hindi maikukulong sa paglilipat ang kasaysayan at paglago ng kanilang mga relasyon. Taglay ng nobela ang mga tala sa nilipatang mga bahay ng pamilya Sicat. Sa bawat yugto ng paglipat ay may naiiwang larawan sa utak ni Laya mula dingding, kisame, at sahig. Tinatanaw ng kaniyang mga mata ang mga bagay sa labas ng bintana na hindi ordinaryong nasisipat ng retina, iris, at pilikmata. Sa ganitong paraan binuod ng kaniyang pagtanaw ang mga kabanata ng kanilang pinagsaluhang paglisan.

Ang *Makinilyang altar* ay nagwagi sa Madrigal-Gonzales Best First Book Award taóng 2004. Higit na nakilala ito nang mga sumunod na taon. At bilang pagsuhay sa potensyal ng akda, nilalayon ng panunuring itong ilandas ang dalumat ng lunggati at pagsupil sa nobela sa pamamagitan ng hakbang-hakbang na pagtukoy sa lagusan ng personal at politikal na krisis ng persona bilang babae at bilang manunulat.

## ANG PAGTAWID NG MANUNULAT BILANG PERSONA

Sa tala ni Tony Perez sa pambungad ng nobela, binanggit niya ang pagiging matingkad na elemento ng dalawang salinlahi sa kabuuan ng teksto. Ano kaya ang gusto niyang ipakahulugan at ipabatid dito? Ang patingkarin ang di-matatawarang husay ni Rogelio Sicat na siyang tunay na isa sa mga hiyas ng Panitikang Filipino o ang isulong si Luna Sicat-Cleto na pinapupurihan na rin dahil sa mga ambag niya sa parehong larangan bilang babaeng manunulat? Pareho kong ikinokonsidera ang layunin ni Perez sa paglalatag ng pahayag niyang yaon. Ngunit isang pamamakod ng mga kahulugan at/o interpretasyon ang pagbanggit sa "*Di lamang ito isang elehiya o isang awit papuri kundi isang pahayag ng paninindigan at isang pagpapaumanhin ng isang anak sa manunulat sa kaniyang amang manunulat: pagpapaumanhin na siya ay hindi lamang isang indibidwal na may sariling isip*

*kundi isang manunulat din.* (Sicat-Cleto xi). Si Sicat-Cleto ay hindi lamang si Laya Dimasupil sa nobela. Siya rin ang hindi naglilimitang tagasalaysay ng matitingkad at kolektibo nilang danas. Sa ganitong gana, maaaring sabihing hindi maiiwasan ang pag-uugnay sa manunulat at sa persona. Ito rin ang binabanggit at sinusuhayan ng artikulo ni Soledad Reyes:

> "….madalas pinag-uugnay ng kritiko ang teksto at ideolohiyang pinag-ugatan ng akda. At sa iba pang pananaw tulad ng sikolohikal at arketipal, tinatangka ng kritiko na ipakita ang ugnayan ng manunulat at ng kaniyang likha, ang masalimuot na proseso ng pagpasok sa akda ng samo't saring pangyayari o impresyon sa personal na buhay ng isang nobelista o makata" (Torres-Yu 475).

Maaaring mas may sabihin pa ang isang teksto kung magiging mulat ang kamalayan ng isang kritiko sa ugnayan ng manunulat at ng persona. Na hindi dapat ikulong ang pagkakakilanlan nito sa may-akda. Mas mahuhubog pa ng kaniyang kaisipan ang ibang bukal ng kahulugan sa wastong pagsasakonteksto rito gaya ng historikal at sosyolohikal na kaligiran ng akda.

Sumisibol si Laya sa maraming kaligaligan at kapagalan mula sa palihan ng realistikong buhay sa pamamagitan ng kaniyang amang si Deo. Isang kapagalan ang pagtatagpo ng ugali't kaisipan nilang mag-ama para kay Laya. Malayo ang pananaw at pagturing nila sa mga bagay na sa umpisa'y maaaring ituring na bukal ng tunggalian. Nais ni Deo na pumirmi si Laya sa bahay kung gusto nitong magsulat o di kaya't tigilan ang pagsali-sali sa mga organisasyon. Baligtad naman ang nais ni Laya. Hindi siya nakikipagkumpetensya sa ama. Gusto niya lamang magkaroon ng pagbubukod sa pagitan ng kani-kanilang mga katauhan. Isang ganap na espasyong huhubog sa kaniyang dapat mabatis bilang, babae, manunulat, at anak. "*Araw-araw kailangang ingudngod ang dalawang tanong sa sinomang mangangahas sa pagsamba sa makinilyang altar: Kakasa ka ba? Kakayanin mo ba ang walang patid na hirap? Ginagayuma siya ng panandaliang luwalhati ng pagkakapanalo sa mga timpalak, ng mga pagkilalang ipinamumudmod sa anyo ng bronzeng tropeo o plake. Ngunit ang husay mo'y hanggang sa iyong pinakahuling akda lamang. Napakaiksi ng memorya ng tao, napakaiksi ng gunita ng bansa* (Sicat-Cleto 112). Lumalabas na sa anumang

aspekto, mapabuhay pamilya o buhay manunulat, signipikante ang pagtanggap at pagsuri ni Deo Dimasupil sa hamon at tunggalian ng buhay upang mapaghanguan ng pagkatuto ng kaniyang mga anak.

Pawang may indibidwalistikong oryentasyon at paninindigan ang dalawa. Ngunit sa magkaibang layunin at tunguhin nila ito ginagawa. Kay Deo, sa silid niya natatagpuan ang musang naghahatid at sumusundo sa imahen at dalumat ng bawat akda. Kay Laya, humuhulagpos siya sa restriksiyon sa mga sandaling natatagpuan ang isang espasyong malayo at hiwalay sa ama. Subalit sa ilalim ng awtoridad ni Deo bilang ama at bilang lalaki, hindi matagpuan ni Laya ang ninanasang puwang. Nais ni Deong nasusubaybayan ang bawat paggalaw, paghinga, at pagkilos ng mga tao sa loob ng bahay.

## ANG ENGKUWENTRO SA HALIMAW

Kung ilarawan ni Laya ang ama ay isang halimaw. Isang halimaw na di dapat kaagad katakutan kung ayaw mong magapi. *"Umirap ako't tumalikod. Hinarang niya ako. Nanginginig na ang halimaw sa galit. Pero hindi ko pinahalata. Alam kong nangangagat lamang ang aso kapag naaamoy nila ang takot. Hindi dapat magparamdam ng takot sa mabangis na halimaw na kumakahol. Baka hanggang kahol lang ito."* Kung susuriin ang anyo ng pagkahalimaw si Deo, hindi lamang ito nangangain nang buo. Nanunuklaw at sumasanib din siya. Tila espiritu o kaluluwang anumang oras na iyong gambalain ay sasanib at mamumuno sa iyong katawan. Madalas sinasaniban si Laya ng espiritu ng makinilyang altar. Sinasaniban siya upang magbalik sa pagsamba o kung minsa'y itigil ang kahibangang iniaalay ng kasalukuyang kahungkagan ng paniniwala. Ngunit hindi siya nagpapasakop mabasag man ang nagsusumigaw na tinig sa loob niya. *"Basag ang aking tinig. Talagang nababasag ang tinig ng halimaw sa aking katawan, lalo na kapag pinag-usapan si Sid. Si Sid ang sikat ng araw na lumalapnos sa naiwang baywang ng manananggal, ang liwanag na nagpapaalala ng kawalan ko ng kabuuan"* (Sicat-Cleto 118-119).

Sa tala ni Tadiar (2000) "Cleansing is confessing" o "ang paglilinis ay pangungumpisal." Kung gayon, ang pagsisiwalat ni Laya sa saloobin ay estratehikong pamamaraan ng pangungumpisal. Ginagamit niya ang wika ng pangungumpisal sa balangkas ng pagtakas upang ikawing ang lahat sa danas ng paggunita bago ang paglimot. Dagdag pa ni Tadiar:

> "If for the masculine subject of capital, time is money, for the feminine part-subject, time is body" (Tadiar 357).

Sa ganitong gana, makikita nating ang pag-angat ni Laya sa kaniyang ultimong layuning magkaroon ng sariling espasyo at ang pagkamit nito sa bungang-tulog ay bahagi ng pakikibaka ng kababaihan sa lipunang heteropatriyarkal. Matayog na potensyalidad ng kababaihan ang nais iwan ni Laya sa puntong ito. Sa tuwiran niyang paglalarawan sa tanaw sa panaginip ay iginagawad niya sa sarili ang liwayway ng paglaya. Isinasalin niya ang kakayahan na maaaring tanawin ng babae mula sa makikitid at apat na sulok ng tahanan. Gayundin ay ipinagpapalagay ng kaniyang tinig ang malawak at matayog na dimensiyon ng personal na pakikibaka.

Sa pagkakataong ito, inilalantad ni Laya ang isang aspekto ng kaniyang muwang. Iminumulat niya ang ama sa unti-unti niyang paghulagpos sa kamusmusan. Inakala niyang ang pakikipagniig kay Sid ay paraan upang matanggal ang tinig ng halimaw sa loob niya. Inakala niyang ito ang magpapabuo sa kaniya. Ang kalayaan ay hindi pa tuluyang matukoy ni Laya kung saan nakapinid. Maaaring sa tinig ng ama at maaari ding sa kaniyang mga di-matukoy na lunggati.

## NAGTATAKWIL, MINUMULTO

Hayag ang ilang kontradiksiyon ni Laya sa sarili na masisipat sa iba't ibang anyo ng pagtakas na kaniyang sinubok bilang anak at bilang babae. Sarili ang muli't muling nagpapaalala sa mga bahay na tinirhan, panulat at papel, at gayundin sa himig ng paulit-ulit na panaginip. *"Nagtataka rin ako kung bakit sa huling frame ng panaginip na iyon ay makikita ko ang sarili,*

*nagsusulat, hanggang sa magdugo ang mga titik, hanggang sa parang nababasa ang mga pahina, nawiwisikan ng ulan, kahit umaaraw at ngumingiti ang ulap sa labas. Bakit sa tuwing lumalapit ako sa pinagmulan ng mga tinig na ito, biglang tumatahimik, at yayakapin ako ng pag-iisa? Laging nagtatapos ang panaginip sa himig na ito"* (Sicat-Cleto 2). Bilang isang indibidwal na lagi't laging pinaaalalahanan at binabalikan ng panaginip ngunit itinatangging wala siyang idea rito, nagpapalamon siya sa multo ni Deo Dimasupil.

Ang sagradong katahimikan sa kaniyang mga panaginip ay di maituturing na manipestasyon ng kawalan ng kapayapaan dahil maging sa tagpong tahimik ay nakasusulat siya. Nakakapiling niya ang panulat ngunit nagiging dugo ang mga titik. Tila umaalma at nagluluksa. Ano ang kaniyang isinusulat? At ano ba ang gustong mangyari ni Deo? Pagtataka at pagtatanong ni Laya. Ngunit habang hinihimay ang mga tanong, bumabalik siya sa alaala ng lumang bahay. Kung saan hindi luma ang eksena ng mga tuyong dahon, huni ng mga tarat, hampas ng hangin, sayaw ng puting kurtina sa bintana, samyo ng alimuom, lilim ng sampalok, at librong hawak niya. Tila isang silid na walang kasing ideal dahil sa taglay nitong kapayapaan. Ang kabalintunaan sa tagpong ito, nagtatagpo lamang siya at ang silid sa kaniyang paghimbing. Sa panaginip niya nakakapiling ang mga nagpapakalma sa maligalig niyang kaluluwa. Sa panaginip lamang niya maaaring luhuin ang sarili. At sa bandang huli, tatawagin niya itong pagtawid sa kabilang silid.

Wala pang siyentipikong paliwanag kung nagagawa ng mga nilalang, partikular ang tao, na kontrolin ang isang panaginip. Sa kaso ni Laya, paulit-ulit siyang tumatakas patungong kabilang tagpuan. Nagpapatangay sa kaniyang bungang-tulog hindi lamang upang masaksihan at maramdaman ang atmospera ng katahimikan, kundi upang matagpuan ang sarili, ang kapayapaan, at ang kalayaan.

Halata ang kaibahan ng dalawang tagpuan sa buhay niya. Ang una, masyadong nostaljik at masyado nang masikip para sa kanilang mag-ama. Ang kabilang tahanan naman ay ang pinapantasyang puwang. Walang pamantayan at batas na sinusunod, walang oras na hinahabol, walang panganib na tinatakbuhan, walang inaalalang bukas, at walang

sinusunod, pinakikinggan, at kinamumuhiang halimaw. Kumbaga, solong-solo niya ang paraisong ito. Hindi nakapagtataka kung bakit ideal na tila paraiso ang pagturing niya rito. Humihimlay siya sa tuwing paulit-ulit na nayayamot sa ama. Pinapasok ang paraiso sa tuwing pasong-paso at napapagal.

Isa pang mariing pagpapakita ng kontradiksiyon sa buhay ni Laya ay nang tuluyan niyang aminin sa sarili ang pagtanggap sa pananakop ni Deo Dimasupil sa kaniya. *"Nang muli kong inangat ang aking mukha, may lalaking umupo sa kabilang mesa na kahawig ng aking nasirang ama, noong malusog pa ito. Malaki ang tiyan, may bigote't balbas na parang kay Ernest Hemmingway, at salaming makapal. Ngumiti ito at parang may bumigwas sa aking sikmura sa mga sandaling iyon. Minumulto ako ng mga napakong pangako"*(Sicat-Cleto 114). *"Nagtutungo kaya ang espiritu niya sa aklatan? Sabik din kaya siyang hawakan ang mga gulugod ng kaniyang mga libro, ang kaniyang koleksiyon? Nakikita rin kaya niya na inaalagaan ko ang mga ito na parang sarili ko ring mg anak?* (Sicat-Cleto 115).

Nangingibabaw ang unang pahayag sa pagdarakila sa ama sa pamamagitan ng pagbanggit ng kaniyang pag-aalaga sa mga akda nito. Hindi niya lamang hinahangaan sa puntong ito si Deo Dimasupil, sinasamba pa niya maging ang multong nagpapakita sa anyo ng ngiting nangbibigwas. Sa sumunod na pahayag, buong suklam niyang tinututulan ang pagiging nakahahawa ni Deo sa usapin ng kalayaan. At dahil dito unti-unti niyang sinupil ang mga paniniwala ng ama sa kasagraduhan ng isang katawan. Sa pagpapakonsumo ni Laya sa kaniyang katawan, kasabay na ipinabatid ang pagiging di-tiyak ng pagmamahal sa katipan, ang lalaking pinapasok niya sa kaniyang loob. Isa lamang ba itong simbolo ng pagiging malaya niya sa sariling paraan? Ang pakikipagtalik sa puntong ito ay bakas ng panghihiya kay Deo at sa kaniyang pagiging makinilyang altar na kasamba-samba.

Naging malaking kontradiksiyon din ang mga katangian ng mag-ama. Si Deo ay katulad ng naunang binanggit—isang halimaw. Isang nilalang na hindi na dapat pang kuwestiyunin ang ugaling panaya ng panggigitla sa anak. Marami itong kinapopootan—ang malandi't hitad na hipag, ang kasintahan ng anak na si Sid, ang mga katrabaho sa unibersidad, mga kapuwa gurong mapagpanggap, at si Laya. Malungkutin at mapag-isa ito. May mataas

na pagpapahalaga sa indibidwalidad. Madalas din siyang naglilimi upang maikatha nang buong husay ang mga danas sa loob ng kilusan. Pangunahing kinapopootan niya rin at sinusuriang ugnayan ng mga tao sa ating lipunan. Partikular dito ang mga pang-aapi ng mga naghaharing-uri sa pinagsasamantalahang uri. Tanging nakakapagpalubag-loob sa kaniya ang mga alaala sa amang  mangingisda na naging guro niya sa larangan ng pagkatha. Si Amang ang unang nagpakilala kay Deo ng panunungkit ng talinghaga't imahen.

Lahat ng binanggit na ito'y hindi matatagpuan sa mga katangian ni Laya. Kaya nitong makisalamuha sa iba't ibang tao. Mapagbiro siya at di madamot sa ngiti. Hindi ito natatakot sumuway sa ama at gustong-gusto nitong nakikisalamuha. Nag-eeksperimento si Laya nang walang takot. Estratehiya niyang komprontahin ang ama upang masulyapan ang mga puwede nitong isulat o itala sa kaniyang journal. Ginagawa niyang ipahayag ang saloobin sa pamamagitan ng hindi pagtalikod tuwing maninindak si Deo.

## ANG PANUNUPIL

Parehong may paninindigan ang dalawa – si Deo at si Laya. Silang dalawa ay parehong makapangyarihan pagdating sa pagsasalarawan ng mga prinsipyo. Ayaw ni Deo na nasasapawan siya. Pinaninindigan niyang may awtoridad ang boses niya na dapat itong dinggin. Kahit yaong mga pagpupula at pang-aasar niya sa anak ay saligang basehan ng pagiging signipikante nito. Sa ganitong gana, hindi dapat ipagsawalang bahala ang pagiging patriyarkal niya. Nagiging ganap na masokista ang anak na si Laya sa eksplorasyong sinubok niyang pagtagumpayan kasama ang ama. Sa kanilang paglalakbay sa iba't ibang tahanan ay mapagtatantong kinasanayan na niya ang pagtanggap sa malulupit na hipo na ipinadarama ng kabilang silid. Bihasa na si Laya sa pangyayamot kay Deo ngunit unti-unti rin niyang nilulunok ang katotohanang bagaman isang kontradiksiyon ang ama, ito ang magdadala sa kaniya upang mahanap ang kapayapaan.

Pagtakas at pagtawid ni Laya sa kabilang silid ang manipestasyon ng pinaigting na paghahanap niya sa di matukoy-tukoy na lunggati. Sa likod ng mga kabalighuan tulad ng

paulit-ulit na pagdalaw ng panaginip at pagmumulto ni Deo sa kaniyang bungang-tulog, isinasabay niya ang pagsasakatuparan sa nasang makalaya. Bukas ang kaniyang diwa sa pagtanggap ng mga negatibismong muli't muli'y ipinapaalala ng multo ni Deo. Hindi niya kaagad mararating ang paraiso sa panaginip kung patuloy na makikipagtunggali sa multo. Palagi itong ipapaalala sa kaniyang may lunggating hindi mawawala lalo pa't ang mismong lupang pangako'y kinamatayan na niya'y (Deo) hindi pa natapakan man lang. Ang pagsilip sa journal entries, bukod sa pasunod sa utos nito (na parang sampung utos) ang tulay upang marating niya ang kabilang silid sa realidad at manahimik na ang multo.

## KONGKLUSYON

Ang ikinatatangi ng Makinilyang Altar sa pagtalakay ng mga lunggati ay hindi nito isinusuong ang mga sariling testimonya upang ipabatid at ihain ang hindi mapigil-pigil na pagsamba sa makinilyang altar – si Deo – at ang kaniyang pakikipagbuno sa mga katha ng buhay. Hindi payak na inilalatag ni Luna Sicat-Cleto ang mga tala sa journal ng ama upang muli't muling buntunan ng pagkilala ang kadakilaan nito kundi upang higit na makilala't matanggap ang mga kabalintunaan at kabalighuan ng pag-iral. Isang nakapapasong katotohanan ang pagsabayin ng nobela ang pagtatangi sa pagbabalik-tanaw sa naging pagharap sa hamók ni Deo at ang hindi niya sinasadyang pagkakakulong sa mga ito. Na siya namang matutunghayan sa buong pitumpu't pitong journal. Muli pa, kapansin-pansin ang maingat na estratehiya na ginamit upang mabatid ang bisa ng naratibo sa nobela.

Ipinapakita ng makinilyang altar ang isang batis ng paglulunggati, ang ugat ng pagkataong muli't muling nagmumulto. Marahil, isa itong hamon upang higitan ang anumang uri ng paglalakbay sa isang lipunang may matinding sampalataya sa bumabansot sa katutubong pagkatao. Parehong ibinahagi ng nobela ang katotohanang maaaring magmula ang kalupitan sa kamay ng sariling sinasamba at hindi maaaring hindi magmulto ang isang taong may nais pang ipamulat na kabatiran sa mga susunod na salinlahi.

Isang pagmumulat sa kabuluhan ng *espasyo* sa kababaihan ang nobela. Inihahain ang *lunggati at panunupil* implikasyon ng pakikibaka ng babae sa ilalim ng mapagsamantalang malakolonyal at malapiyudal na sistema ng lipunan. Gayundin, ito'y bumabalikwas sa atas ng apat na uri ng awtoridad sa lipunan, ang pamahalaan, ang simbahan, ang pamilya, at ang kalalakihan. Sinserong iniigpawan nito ang gapos ng pandudusta upang tindigan ang kabuluhang unang natamo sa bungang-tulog.

## TALA

* Nagwagi ng Espesyal na Gawad para sa kategoryang Panunuring Pampanitikan sa Timpalak Panitik 2007.

## MGA SANGGUNIAN


Reyes, Soledad S. "Ang Pagbasa Bilang Paglikha." Nasa *Kilates: Panunuring Pampanitikan ng Pilipinas.* University of the Philippines Press. Diliman, Lungsod Quezon. 2006. Nakalimbag.

Sicat-Cleto, Luna. *Makinilyang Altar*. University of the Philippines Press. Diliman, Lungsod Quezon. 2002. Nakalimbag.

Tadiar, Neferti Xina M. "Time, body, and madness." Nasa *The Likhaan Book of Criticism (1992-1997)*. University of the Philippines Press at UP Institute of Creative Writing. Lungsod Quezon. 2000. Nakalimbag.

Torres-Yu, Rosario. *Panunuring Pampanitikan ng Pilipinas.* University of the Philippines Press. Diliman, Lungsod Quezon. 2006. Nakalimbag.